PEEL COMMUNITY LEGAL SERVICE
PANGKOMUNIDAD NA EDUKASYON SA BATAS

KARAHASAN SA PAMILYA AT TAHANAN

PCLS
PEEL COMMUNITY LEGAL SERVICES INC

PAGTATATWA

Ito ay isang sesyon ng impormasyon lamang. Hindi ito isang pagpapayo sa batas.

Inirerekomenda namin na humingi ka ng payo sa batas kung nais mong alamin pa ang alinman sa mga paksang tinalakay sa sesyong ito.

KAWALAN NG KONTROL

PERA

Nawawalan ka ba ng kontrol sa pera?

Kinukuha ba ng iyong partner ang iyong sahod o kita mula sa Centrelink? Ang iyong partner ay maaaring nagbabalik sa iyo ng kaunting pera. Ang iyong partner ay humihingi ng mga detalye kung saan mo ginagastos ang pera. Sinasabi ba ng iyong partner na ang bahay ay sa kanya, ang pera ay sa kanya, at ang kotse ay sa kanya?

PCLS PEEL COMMUNITY LEGAL SERVICES

SAAN KA PUPUNTA

Nawawalan ka ba ng kontrol kung saan ka pupunta kabilang ang ang lugar ng iyong pagsamba at trabaho?

SINO ANG MAAARI MONG MAKITA AT KAUSAPIN

Nawawalan ka ba ng kontrol kung sino ang maaari mong makita at kausapin, kabilang ang mga kaibigan, kapamilya at taong pagtitiwalaan mo?

PCLS PEEL COMMUNITY LEGAL SERVICES

MGA UTANG

Kung ikaw ay nawawalan ng kontrol sa mga utang na kinuha sa iyong pangalan, tulad ng mga utang sa kotse, mga credit card at mga utang sa bahay.



PAANO PATATAKBUHIN ANG IYONG TAHANAN

Kung ikaw ay walang masabi, sinasabihan kung ano ang lulutuin, kung magkanong pera ang maaari mong gastusin sa pagkain, sapilitang pinaglilinis lagi, pinipilit na magluto at kumain ng pagkain na hindi mo gustong kainin.

PAGGAWA NG MGA DESISYON

Hindi ka pinapayagang magpasiya para sa iyong sarili at sa iyong mga anak. Halimbawa, hindi ka maaaring pumili kung anong damit ang gusto mong isuot o kung paano gagastusin ang iyong pera.

ANG IYONG KATAWAN

Nawawalan ka ng kontrol sa iyong katawan.

Wala kang karapatang tumanggi sa seks o mga akto ng seks na hindi mo ikinasisiya o gusto.

PAGGALANG SA SARILI

Nawawalan ka ng respeto sa sarili. Ito ay nawawala sa paglipas ng panahon kung sinasabihan ka na walang silbi ng iyong partner, sinisigawan ka, tinatawag ka ng kung anu-ano, o pinapahiya ka sa lahat ng oras. Maaari ding hinihikayat ng iyong partner ang iyong mga anak, mga kaibigan o kanyang pamilya na gawin ito.

PAKIRAMDAM NA LIGTAS

Sinasabihan ka ba ng iyong partner na ipapadala o ide-deport ka kung hindi mo gagawin ang inuutos sa iyo? Kailangan mong sundin ang sinasabi ng iyong partner dahil siya ang boss. Nag-aalala ka bang masaktan kung mali ang sasabihin mo?

PCLS PEEL COMMUNITY LEGAL SERVICES

O

Ang iyong partner ay pisikal kang sinasaktan, tinitira, sinusuntok, dinuduraan, sinasakal ang iyong leeg o sinasaktan ka sa iba pang mga paraan na nagiging sanhi ng pinsala o pananakit.

Kung ikaw o isang kakilala mo ay dumaranas ng alinman sa mga inilarawan sa itaas, ito ay tinatawag na KARAHASAN SA PAMILYA AT TAHANAN.

HINDI ito isang bagay na dapat tiisin ng sinuman, lalo na kung mula sa isang tao na dapat ay nagmamahal sa iyo.

Ang kababaihan at kalalakihan ay magkapantay sa Australya at dapat nilang tratuhin ang isa't isa nang may paggalang.

Sa susunod na pahina ay mababasa ang mga ahensya na maaaring makatulong, kasama

ang maikling paglalarawan ng tulong, payo o suporta na maaari nilang ialok.

MAGAGAMIT NA MGA KONTAK

Pulisya, Ambulansya, Emerhensiya sa Sunog

Tumawag sa 000 sa anumang kaso kung saan mayroong kagyat na panganib ng pinsala.

Pulisya (hindi isang emerhensiya) 9581 0222 kung ikaw ay wala sa kagyat na panganib at maaaring maghintay para sa tulong.

Peel Multicultural Association (Samahang Multikultural ng Peel)

mag-email sa peelmulticultural@gmail.com

Serbisyong Adbokasya sa Kababaihang Multikultural

9328 1200 o 1800 998 399 mobile 0430 515 261 Libre- walang bayad.

MAGAGAMIT NA MGA KONTAK

Pabahay

Pabahay sa krisis para sa mga babae at kababaihang may mga anak na dumaranas ng Karahasan sa Pamilya at Tahanan. Telepono 9535 4775

Crisis Care (24oras) 1800 199 008 9223 1111 impormasyon sa Kanlungan ng mga Kababaihan at pag-uulat ng Emerhensiyang proteksyon sa bata

Homeless Advisory Support (Payong Suporta sa Walang Tirahan) 1800 065 892

MAGAGAMIT NA MGA KONTAK

Tulong sa batas

Family Court WA 1800 199 228

Peel Community Legal Services 9581 4511 – Libreng payo sa batas at adbokasya. May maibibigay na serbisyo sa pagsasaling-wika sa telepono kung hihilingin.

Tulong sa Telepono para sa Kababaihan laban sa Karahasan sa Tahanan 24oras 1800 007 339 o 9223 1188

Centrelink Customer service 132 307

Tulong sa pera

St Vincent De Paul 9535 9035 nagbubukas sa als-10 ng umaga. Libreng serbisyo. Tulong sa Centrelink/pagba-badyet, mga utang, mga voucher sa pagkain atbp. at mga pagsangguni sa nababagay na mga ahensiya.

Libreng Serbisyo Suporta **Finucare** 9581 1281 sa mga utang/pagbabadyet, pagpapayo sa pera at mga pagsangguni sa nababagay na mga ahensiya.